


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 11:
Pagbibigay-kahulugan ng mga salita
sa pamamagitan ng Realia,
Larawan, Galaw o Kilos



MTB-MLE – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 11: Pagbibigay-kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng realia o mga larawan, galaw o kilos

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Fredelin F. Valencia

Editors: Mercy Acupido-Pablo/ Leodigaria Laud-Reyno/Dysebelle M. Vilorio
Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza

Tagasuri: Ulysses B. Daquioag

Tagalapat: Efraem E. Reyes, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuquegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 11:
Pagbibigay-kahulugan ng mga salita
sa pamamagitan ng Realia, Larawan,
Galaw o Kilos

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang matutunan ang iba't ibang paraan upang mabilis na matutong bumasa at sumulat at may kakayahang sumagot nang maayos sa mga katanungang hango sa kuwento. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang mas mabilis kang matuto.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng mga realia, larawan, galaw o kilos

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makasagot nang tama sa mga katanungan.
- Maibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng mga realia, larawan, galaw o kilos



Subukin

Sa iyong palagay, saan pupunta ang mag-anak?








Paano mo nalaman na pupunta sila sa bukid?



Balikan

Panuto: Isulat sa malinis na papel ang wastong salita na nasa **hanay B** na nababagay sa larawang makikita sa **hanay A**.

Hanay A	Hanay B
	<p>A kumakanta</p> <p>B nagbabasa</p> <p>C naglalakad</p>

	<p>A gumuguhit</p> <p>B naliligo</p> <p>C sumasayaw</p>
	<p>A nagbabasa</p> <p>B nagtatanim</p> <p>C nagwawalis</p>
	<p>A kumakain</p> <p>B naglalaba</p> <p>C nagbabasa</p>
	<p>A naglalakad</p> <p>B tumatakbo</p> <p>C umiinom</p>



Tuklasin

Nasubukan mo na bang nagsimba kasama ang iyong mga magulang? Kung Oo maganda upang maintindihan mo ang kuwentong ibabahagi sa iyo.

Gawain 1

Pakinggan ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang ilang katanungan sa ibaba nito.

“Ang Lobo ni Lora”

Paglabas ng simbahan nakakita si Lora ng lobo at binilang niya ito.

Nagpabili si Lora ng limang lobo sa kanyang mga magulang.

Binilhan ni Mang Lino si Lora ng limang lobo dahil ipasasalubong niya ang iba sa kanyang mga kapatid. Lumipad ang dalawang lobo na nabili ni Lora.

Mga tanong: Ibigay ang letra ng tamang sagot.

Sino ang may lobo?

- A. Lora
- B. Lori
- C. Lorna

Ilan ang lobo?

- A. dalawa
- B. isa
- C. lima

Ano ang nangyari sa mga lobo?

- A. pumutok
- B. lumipad
- C. kinuha ng bata

Ano ang naramdaman ng bata nang lumipad ang kanyang lobo?

- A. nagalit
- B. nalungkot
- C. natawa

Kanino niya sana ibibigay ang mga lobo?

- A. kaibigan
- B. kapatid
- C. lolo




Suriin

Isalaysay na muli ang kuwento ayon sa pagkakasunod-sunod ng bawat pangyayari sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa ibaba.

1. Saan nagpunta ang pamilya ni Lora?
2. Ano ang kanyang ipinabili?


3. Kanino niya ibibigay ang mga lobo?
4. Bakit hindi na niya naibigay ang pasalubong sa kapatid?
5. Ano kaya ang naramdaman ng bata?



Pagyamanin

Gawain 1

Alin sa mga sumusunod na salita at larawan ang ginamit sa kuwento? Ituro ang kahon na kinapapalooban ng salita.



bukid



lobo



sigaw



natuwa

Gawain 2


Kilalanin ang mga sumusunod na larawang hango sa kuwentong napakinggan. Bigkasin ang pangalan ng mga ito. Ibigay at isulat sa kuwaderno ang unang letra ng mga larawan.



___ ora (bata sa kuwentong napakinggan)



___ima (bilang ng lobo)



___obo (bagay na ipinabili)



Isaisip

Maraming paraan ang pagbibigay ng kahulugan sa mga salita, maaaring realia, larawan, galaw o kilos

Maaari ring malaman ang kahulugan ng isang salita batay sa kumpas, ekspresyon ng mukha at sa pamamagitan ng ugnayang salita at larawan.



Isagawa

Pakinggan ang kwentong ipaparinig ng tagapagalaga. Sagutin ang tanong pagkatapos mapakinggan ang kwento.

Masarap na Miryenda

Sina Ema at Eva
Kumakain ng empanada
Binigyan nila si Pepe
Humingi naman si Erni.
May melon sa mesa
Tinimpla ito ni Nene
Masarap ang miryenda,
ang sabi nina Ema at Eva



Masaya ba ang mga magkakaibigan? Paano mo nasabi na sila ay masaya?

Iguhit sa isang malinis na papel ang mga sumusunod na salitang napakinggan sa kwento.

1. Empanada
4. miryenda




2. Melon
5. mesa

3. tinimpla



Tayahin

Maglabas ng papel at sagutin ang mga sumusunod.
Hanapin ang salitang katumbas ng may salungguhit.
Kopyahin sa papel ang tamang kahulugan nito na nasa kabilang kahon.

1.	<u>tuwang-tuwa</u> sa paglalaro 	napatigil
2.	<u>hindi siya natuwa</u> 	mabilis
3.	<u>napahinto</u> si Ana 	mabagal

4.	<p><u>makupad</u> maglakad ang pagong</p> 	masayang- masaya
5.	<p><u>matuling</u> magpatakbo</p> 	nalungkot



Karagdagang Gawain

Isulat ang kahulugan ng salitang naibigay sa pamamagitan ng pagsulat ng salitang kabaligtaran o kasalungat nito.

1. mainit -
2. kulot –
3. busog –
4. manipis –
5. masipag -



Susi sa Pagwawasto

<p>Balikan:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. kumakanta 2. gumuguhit 3. nagwawalis 4. nagbabasa 5. naglalaba 	<p>Tuklasin:</p>	<p>Suriin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pamilya ni Lora ay nagpunta sa simbahan. 2. Nagpabili siya ng limang lobo. 3. Ibibigay niya ang ibang lobo sa kanyang mga kapatid. 4. Hindi niya naibigay ang kanyang pasalubong dahil lumipad ang dalawang lobo. 5. Nalungkot si Lora nang lumipad ang ibang lobo.
<p>Pagymanin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. lobo 2. sigaw 3. natuwa 4. simbahan 	<p>Pagymanin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. l 2. i 3. i <p>Gawain 2:</p>	

Isagawa

1. Naiguhit na larawang empanada
2. Naiguhit na larawan ng melon
3. Naiguhit na larawan ng tinimpla
4. Naiguhit na larawan ng miryenda
5. Naiguhit na larawan ng mesa

<p>Tayahin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. masayang masaya 2. nalungkot 3. napatigil 4. mabagal 5. mabilis 	<p>Karagdang gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. malamig 2. unat 3. gutom 4. mabagal 5. tamad
--	---

Mga Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph